


Filipino

Ikalawang Markahan Modyul 4

Pagbigkas nang may Wastong Tono, Diin, Antala at Damdamin sa Napakinggang Tula



**Filipino – Ikalimang Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Ikalawang Markahan – Modyul 4: Pagbigkas nang may Wastong Tono, Diin, Antala at
Damdamin sa Napakinggang Tula.
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot mula sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Trinidad A. Tanglao	
Editor:	Aludia N. Badilla, Virginia C. Dulfo, Shirley B. Bacal, Chinky F. Baculanta, Maricris Torres-Tolibas,	
Tagasuri:	Virgina C. Dulfo, Steven P. Santos, Eleonor G. Distrajo, Ronald Llaneta	
Tagaguhit:	Michael Q. Balan	
Tagalapat:	Rio L. Ador, Swelyn E. Forro	
Tagapamahala:		
	Ma. Gemma M. Ledesma	Bernardo A. Adina
	Rosemarie M. Guino	Gaudencio C. Aljibe, Jr.
	Teodorico C. Peliño Jr.	Lea C. Aberia
	Joy B. Bihag	Virginia C. Dulfo
	Dandy Acuin	Shirley B. Bacal
		Aludia N. Badilla

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region No. VIII

Office Address: Government Center, Candahug, Palo, Leyte

Telefax: 053-823-2997

E-mail Address: region8@deped.gov.ph

Filipino
Ikalawang Markahan
Modyul 4
Pagbigkas nang may
Wastong Tono, Diin, Antala
at Damdamin sa
Napakingsang Tula

Paunang Salita

Ang *Self-Learning Module* o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin



Kumusta ka, kaibigan? Heto na naman tayo sa panibagong araling ating pag-aaralan. Sana'y madali mong matutuhan ang mga kasanayang aking ibabahagi ngayon.

Ang modyul na ito ay tatalakay tungkol sa pagbigkas ng tula nang may wastong tono, diin, antala at damdamin.

Madali mong mabibigkas ang tula nang may wastong tono, diin, antala at damdamin kung makikinig ka muna nang mabuti sa isang modelo o huwaran at pag-aaralang mabuti kung paano ito bibigkas.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang matututo sa sumusunod na kasanayan:

1. Nabibigkas nang may wastong tono, diin, antala at damdamin ang napakinggang tula.
2. Nabibigyang diin ang bahagi ng tula na may mataas na tono, may diin, antala at damdamin.





Subukin

Panuto: Ipabasa sa magulang o kapatid ang sumusunod na tula. Pakinggang mabuti kung paano ito binibigkas nang wasto. Pagkatapos ay ikaw naman ang bumigkas ng may wastong tono, diin, antala at damdamin. Gawing gabay ang sumusunod na pamantayan.

Pamantayan sa Pagmamarka

Mga Pamantayan	Napakahusay (5)	Mahusay (4)	Mahusay-husay (3)	Di-gaanong mahusay (2)	Kailangan pa ng Pag-unlad (1)
1. Nabibigkas nang may wastong tono, diin, antala at damdamin ang tula.					
2. Nabibigyang diin ang bahagi ng tula na may mataas na tono, may diin, antala at damdamin					
3. Nabibigkas ang tula nang angkop ang bawat kilos, ekspresyon ng mukha, kumpas ng kamay, galaw ng mata, at tamang tindig.					
Kabuoang Puntos					



Guhit ni: Rolando S. Cada

Kalusugan, Ingatan

I

Kumain ng prutas at gulay,
na masustansiyang tunay.
Katawan ay lalakas at titibay,
hahaba pa ang buhay .

II

Iwasang maging abuso,
sa katawang yaman mo.
Laging mag-ehersisyo,
na kailangang husto.

III

Maging malinis sa sarili,
upang pagiging malusog manatili,
Tandaang ang magkasakit ay 'di nakawiwili,
kaya sa katawa'y maging mabuti..

IV

Katawan ay pangalagaan,
upang mapuno ng kasiglahan.
Anumang sakit ay iwasan.
Kalusugan, ingatan!

Sagutin:

1. Ano ang paksa ng tula?
2. Bakit mahalagang ingatan ang kalusugan?
3. Ayon sa tula, paano maiingatan ang kalusugan?
4. Paano mo binigkas ang tula? Katulad din ba ito ng pagbigkas ng iyong magulang o kapatid?
5. Ano ang isinaalang-alang mo sa pagbasa o pagbigkas ng tula?
6. Bakit mahalaga sa pagbigkas ng tula ang wastong tono, diin, antala, at damdamin?

Aralin

1

Pagbigkas nang may Wastong Tono, Diin, Antala at Damdamin sa Napakinggang Tula.



Balikan

Panuto: Pagsanayang bigkasin ang sumusunod.

1. Ang mag-aaral na madiskarte sa anumang gawain ay kampante.
2. Huwag samantalahin, ang titser na butihin. Pagtuturo'y sulitin upang matuto nang 'di bitin.
3. Pag sa *classhome* ay nahimbing, tiyak walang mararating.
4. Sa modyul kung ikaw ay sasagot, huwag mabagot at sumimangot.
5. Estudyanteng bibo at aktibo, tiyak na mataas ang grado.

Sagutin ang mga tanong:

1. Ano ang tawag sa mga binasa mo?
2. Paano mo binasa ang mga tugma sa bawat bilang?
3. Ano ang mga dapat isaalang-alang sa pagbigkas ng mga tugma?



Tuklasin

Handa ka na bang gawin ang susunod na pagsasanay?
Halina't subukin!



Panuto: Ipabasa ang tula sa isa sa kasama sa bahay. Pakinggan kung paano ito binasa. Pagkatapos ay ikaw naman ang bumigkas ng tula. Gamitin ang pamantayan sa bahaging SUBUKIN para sa wastong pagbigkas ng tula.



Yamang Dunong at Kalusugan

Dunong at kalusugan ating yaman,
narapat na pangalagaan.
Huwag nating pabayaan,
ingatan at pahalagahan.

Anumang minana sa magulang,
walang tutumbas sa dunong at kalusugan.
Aanhin ang materyal na yaman kung sakitin naman?
Karunungan at kalusugan pagyamaning lubusan.

Dunong at kalusugan, sandatang maituturing,
sa anumang suliraning kahaharapin.
Maging matatag sa anumang pasanin,
tiyak na mithiin ay mararating.

Guhit ni: Rolando S. Cada

Sagutin:

1. Ano ang paksa ng binasang tula?
2. Ano ang itinuturing na ating yaman ayon sa binasang tula?
3. Bakit ito itinuturing na yaman?
4. Bakit kailangang pakaingatan at pahalagahan ang dunong at kalusugan?
5. Ano ang dapat gawin sa ating yamang dunong at kalusugan?
6. Paano makakamit ang mithiin sa pamamagitan ng dunong at kalusugan?
7. Paano mo binigkas ang tula?

8. Paano mo isinalang-alang sa iyong pagbasa ang wastong tono, diin, antala at damdamin ng tula?’



Suriin

Nagustuhan mo ba ang binasa mong tula? Magaling, dahil natutuhan mo ang halaga ng iyong karunungan at kalusugan. Sa puntong ito, unawain at pag-isipan ang talakay tungkol sa tula.

Ang **tula** ay isang masining na anyo ng panitikan na malayang nagpapahayag ng damdamin at mahahalagang kaisipan. Sa pagsulat ng tula gumagamit ng iba’t ibang estilo at anyo, maaaring malayang pagsulat o kaya naman ay may sukat o tugma. Samantala, gumagamit din ng mga talinghaga at maririkit na salita sa pagsulat nito.

Dahil ang tula ay nagpapahayag ng damdamin, mahalagang matutuhan kung paano ang tamang pagbigkas nito. Sa gayon, mabisang maiparating ang mensahe at damdamin ng tula. Sa wastong pagbigkas ng tula, isinasaalang-alang ang sumunod:



1. Ang **antala** o ang saglit na paghinto sa pagbigkas. Ito ay depende sa bantas na ginamit sa pagsulat ng tula. Kapag kuwit ang bantas bahagya lang titigil (pause) ngunit kung tuldok naman ang ginamit na bantas, titigil sa bahaging may tuldok bago magpatuloy sa pagbabasa kung mayroon pang kasunod na taludtod o sagnong.
2. Ang **diin** sa pagbigkas ng tula na inilalapat sa salita o pantig ayon sa tindi ng damdaming ipinahahayag.
3. Ang **tono** sa pagbigkas ng tula ay maaaring mataas o mahina at payapa o mahinahon ayon sa damdamin o emosyong ipinahahayag.
4. Ang **damdamin** sa pagbigkas ng tula ay pagpapakita ng tamang ekspresyon ng mukha. Maaaring masaya, o malungkot, may galit o pagmamahal.
5. Ang **tikas, galaw, at kumpas** ay ang paraan ng pagkilos o paggalaw na ng bumubigkas ng tula. Mahalaga ito upang maging kawilili-wili at kapani-paniwala ang pagbasa.



Pagyamanin

Magaling kaibigan dahil handa ka nang paunlarin pa ang iyong kasanayan sa wastong pagbigkas ng tula. Ipagpatuloy mo na ang mga susunod na gawain.



Panuto: Pakinggan ang tula sa ibaba (ipabasa sa kapatid o magulang) pagkatapos ay basahin mo sa harap nila nang may wastong tono, diin, antala at damdamin. Gamitin ang pamantayan sa pagbigkas na nasa bahaging SUBUKIN.

Kalikasan

I

Ang kalikasan ay tulad din ng tao,
marunong magalit, mapagod at magtampo.
Ngunit kapag inalagaan, at hindi inaabuso,
biyayang sagana sa ati'y kaniyang regalo

II

Kailangan ng kalikasan ang pangngalaga
hindi ang malupit na pagpapabaya,
Sa gayon, manatili itong biyaya
at yamang masagana sa bawat isa.

III

Ang paggalang dito ay may mabuting bunga.
Maging mapagmahal sa lahat ng nilikha.
Sa gayon, ang Diyos ay madadakila
sa gawang ayon sa Kaniyang nasa.



Isaisip



Mahusay ka kaibigan dahil narating mo ang bahaging ito ng modyul. Sa pagkakatong ito ay sagutin ang sumusunod

1. Paano ang wastong pagbigkas ng isang tula?
2. Bakit kailangang matutuhan ang kasanayan sa wastong pagbigkas ng tula?
3. Paano mapauunlad ang kasanayan sa pagbigkas ng tula?



Isagawa

Binabati kita kaibigan dahil naabot mo na ang bahaging ito ng modyul. Kung handa ka na ay maaari mo nang ipagpatuloy ang gawain.



Panuto: Basahin ang tula sa ibaba ayon sa pamantayang natutuhan.

Pagiging Mabuti

I

Ang batang mabait ay walang kagalit,
mga aral ni nanay laging sambit.
Ang kabutihan kapantay ay langit,
disiplina sa sarili, huwag iwawaglit.

II

Sa ating komunidad ating alalahanin,
kaakibat nitong responsabilidad natin.
Ugaliing magkaisa sa anumang gawain,
Magtulungang may magandang layunin.

III

Ang mga namumuno sa pamahalaan,
dapat maging huwaran.
Ang pagiging mabuti sa nasasakupan,
ang tutularan ng mamamayan--

IV

Sa ating pamilya, paaralan at komunidad,
kabutihan ay isagad.
Simulan sa sarili itong ipatupad,
upang magbunga nang walang katulad.



Tayahin

Nagtagumpay ka kaibigan sa pagsunod at pagsagawa sa lahat ng gawain sa modyul na ito. Sa puntong ito ay susubukin na natin ang iyong natutuhan.



Panuto: Pakinggang mabuti ang tula sa ibaba (maaring ipabasa sa kapatid o magulang) pagkatapos ay ipakitang-kilos ang pagbigkas nang may wastong tono, diin, antala at damdamin. Ipagamit ang pamantayan sa ibaba sa iyong magulang o nakatatandang kapatid para markahan ang iyong ginawang pagbigkas

Ang Munting Pangarap

Trinidad A. Tanglao

I

Mula pagkabata, aking naiisip,
mga nais marating hindi ko mabatid.
Naguguluhan aking munting isip,
inhinyero, pulis, doktor, alin ba ang sulit?

II

Nais kong matupad aking munting pangarap,
upang sa pamilya makatulong nang ganap.
Kaunlaran ng bayan nais sa hinaharap,
Matulungan ang mga nagdurusang mahihirap.

III

Pangarap kong maging guro, hubugin ang mga
kabataan,
linangin ang kanilang kaalaman at kasanayan.-
Palawakin ang kanilang kaisipan
Munting pangarap sana'y aking makamtan.

IV

Ang munting pangarap kapag aking natupad,
Ligayang pantay-langit at walang katulad.
Sa pagsisikap ko, nakamit ang tanging hangad,
Kaya't halinang mangarap at tayo'y lumipad.

Pamantayan sa Pagmamarka

Mga Pamanyan	Napaka- husay (5)	Mahusay (4)	Mahusay -husay (3)	Di- gaanong mahusay (2)	Kailangan pa ng Pag- unlad (1)
1. Nabibigkas nang may wastong tono, diin, antala at damdamin ang tula.					
2. Nabibigyang diin ang bahagi ng tula na may mataas na tono, may diin, antala at damdamin					
3. Nabibigkas ang tula nang angkop ang bawat kilos, ekspresyon ng mukha, kumpas ng kamay, galaw ng mata, at tamang tindig.					
Kabuuang Puntos					



Karagdagang Gawain

Panuto: Pagsanayang bigkasin nang may wastong tono, diin, antala at damdamin ang mga tulang nakasulat sa bawat pagsasanay sa itaas.



Susi sa Pagwawasto

Gamitin ang rubrics sa pagbigkas ng tula upang masukat ang kasanayan ng mag-aaral. Ibatay ang pagwawasto at pagmamarka sa bawat pagsasanay sa rubrics.

					Kabuonang Puntos
					tamang tindi. kumpas ng kamay, galaw ng mata, at bawat kilos, ekspresyon ng mukha, 3. Nabibigkas ang tula nang angkop ang damdamin
					2. Nabibigyang diin ang bahagi ng tula na may mataas na tono, may diin, antala at
					1. Nabibigkas nang may wastong tono, diin, antala at damdamin ang tula.
Kaliangan pa ng Pag-unlad (1)	Di- gaanong mahusay (2)	Mahusay- husay (3)	Mahusay (4)	Napaka- husay (5)	Mga Pamayanan

Rubric sa Pagbigkas ng Tula
Pamantayan sa Pagmamarka

Ibi-ibang kasagutan ang maaaring isagot
ng mga bata.

SUBKIN:
Ibi-ibang kasagutan ang maaaring isagot
ng mga bata.

BALIKAN:
Ibi-ibang kasagutan ang maaaring isagot
ng mga bata.

TUKLASIN:
1. Tungkol sa ating yaman
2. Kalusugan at karunungan
3. Dahil ito ang daan sa pagiging
matagumpay.
4. upang hindi ito mawala sa atin.
5. pangalagaan at ingatan.
6. gamitin itong sandata sa buhay
7. Binigkas ang tula na may wastong tono,
diin, antala at damdamin
8. maaaring iba-ibang sago tang ibigay ng
mga bata.

PAGYAMANIN:
Gamitin ang Rubrics sa
pagtaya ng kasanayan ng
mag-aaral.

TAYAHIN:
Gamitin ang Rubrics sa
pagtaya ng kasanayan ng
mag-aaral.

Sanggunian

K to 12 Filipino 5 MELC Gabay Pangkurikulum, 2020

Tanglao, Trinidad A., Booklet ng Compilation ng mga Tula, 2020

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph